

# 1

Hindi matindi ang init ng araw kahit pa mag-a-alastres na ng hapon. Umibis si Avarie mula sa kanyang bisikleta, isinandal iyon sa nilulumot nang pader na ginapangan na rin ng baging dahil sa kawalan ng alaga ng matagal na panahon. Malungkot na napabuntong-hininga ang dalaga habang nakahawak sa nakakandado at lagpas-taong wrought-iron gate. Kinakalawang na iyon.

Ayon sa kaibigan niyang si Kakai, ang *Casa Zaragosa* ay pag-aari ng isa sa mayayamang angkan ng Batangas. It was once the symbol of elegance and affluence. Hindi na mabilang ang mga kasayahang ginanap sa grandiosa nitong bulwagan o sa malawak nitong bakuran. Ngunit nang mamatay ang mag-asawang Zaragosa noong 1990's, nagkaroon ng matinding problema sa pera ang pamilya ng mga ito. Hindi man naibenta ang mansion pati na ang kanugnog na lupain, pinabayaan na lamang ito at hanggang ngayon ay hindi na naibalik pa sa dati nitong ganda.

And in all those years of neglect, *Casa Zaragosa* lost its grandeur.

*A Special Memory - Doreen Laroya*

---

Na-imagine niya ang dating ganda ng lugar sa likod ng kalumaan niyon.

Nalalatagan ng luntiang Bermuda grass ang malawak na bakuran. The welcoming colors of wild periwinkles, dainty margaritas and forget-me-nots gave the voluminous structure its homely appeal. Shrubs of gumamelas lined both sides of the cobblestone pathway. Shiny lampposts stood as sentries gleaming in the dark corners.

Sa dulong bahagi ay naroon ang gazebo, adorned by flowery vines and well hidden by shrubs of golden box and purple sage. She could picture two lovers in a secret rendezvous, whispering each other's name and kissing to their hearts content.

The green house smelled of wild orchids. Numerous plants and flowers inside created a rainbow of colors soothing one's tired eyes.

The Spanish inspired three-storey mansion with its arched windows and doorways was well lit up. The grand chandelier illuminated the stylish foyer like an oversized star suspended in mid-air.

People with exuberant faces and champagne flutes in hand loitered in groups. Sounds of laughter charged the air along with the soft sound of classical

music.

In Avarie's mind, *Casa Zaragosa* was far from the boarded up, decrepit and lonely structure it was now.

Bumuntong-hininga siya nang malalim. Hindi niya maintindihan kung bakit nalulungkot siya sa tuwing makikita niya ang lugar. At hindi rin niya alam kung bakit tila napakalapit nito sa kanyang puso magmula pa noong una siyang tumapak roon.

*Casa Zaragosa* reminded her of a place she'd once been to but could not remember.

Isang huling sulyap ang ibinigay niya sa lumang mansion bago nagpasyang lisanin na ang lugar. Kinuha niya ang bike at inakay iyon papasok sa isang niyugan na ilang metro lamang ang layo mula sa malaking bahay. Mahaba rin ang lalakaran mula sa niyugan hanggang sa pababang daan bago marating ang pakay na lugar na nais niyang puntahan.

Ilang sandali pa'y narinig na niya ang paghampas ng alon. Napangiti ang dalaga at lalong binilisan ang paglalakad. Nang bumungad sa kanya ang puting buhanginan, ang simoy ng karagatan at ang himig ng mga alon ay napuno ng kasiyahan ang kanyang puso.

Pag-aari rin ng mga Zaragosa ang beach. Pero kahit private property ito ay hindi naman

pinagbabawalang maligo ang mga locals.

Pino ang buhangin, mangasul-ngasul ang tubig, malinis ang buong paligid. Sa di-kalayuan, may sampung metro mula sa pampang ay ang kulumpon ng naglalakihang bato na hinahalikan ng mabining alon.

Katulad ng lumang mansion, ang beach ay nagpapaalala rin sa kanya ng maraming bagay.

Muling isinandal ni Avarie ang bike sa isang puno, lumapit kung saan humahalik ang dagat sa lupa at hinayaang malayang basain ng alon ang kanyang mga paa. Masayang napabungisngis siya habang nakapikit na sinamyo ang malamig na hangin.

Nang hindi na makatiis, hinubad niya ang kanyang shorts at t-shirt at parang batang nag-dive at sumisid sa tubig. It was a wonderful feeling, soothing, relaxing. Nang mapagod ay lumangoy siya palapit sa batuhan, sumampa sa isang malaking bato at umupo roon.

Ipinilig niya ang ulo. She could feel the onset of another headache. She had been suffering from migraine lately na sinasabayan pa ng mga weird flashbacks.

She could not make sense of what was happening

to her. Maraming bahagi ng kanyang nakaraan ang hindi niya maalala. Specifically those prior to when they moved here in Nasugbu. Ang sinabi ng daddy niya noon ay na-involve daw siya sa isang aksidente bago pa man sila mapadpad ng Batangas. Baka iyon daw ang dahilan ng memory loss niya. Iyon din ang sinabi ng doctor na tumingin sa kanya.

For the past nine years, Avarie tried to remember her past. Lalo na ang features ng isang lalaki na madalas mag-flash sa isip niya. She could not see his face clearly, just shadows and sometimes a smile. Itinanong na niya ito sa ama minsan. Baka raw isa sa mga dating kaibigan niya. Hindi niya iyon kayang paniwalaan. He meant more to her than just a friend.

Minasahe niya ng daliri ang sentido. The pain in her temple was getting worst.

Muli siyang tumalon sa tubig at lumangoy paahon sa dalampasigan.

“S’abi ko na nga ba’t dito na naman kita makikita,” anang tinig ni Kakai mula sa kanyang likuran. Nakapagbihis na si Avarie at ilang minuto na ring nakaupo lamang sa buhanginan sa ilalim ng isang puno ng niyog nang dumating ang kaibigan. Pasalampak itong naupo sa tabi niya.

“Bakit ba palagi ka na lang nagpupunta dito?” nagtatakang tanong ng dalaga.

Nagkibit-balikat siya. “Alam mo namang mahilig ako sa dagat. Malapit sa beach ang bayan namin sa Lucena.” Bumungisngis siya. “Siguro, sirena ako n’ung past life ko.”

Nagkatawanan sila.

“Hmm... and I bet galing ka na naman sa *Casa*. Alam mo, nagtataka na talaga ako sa iyo. Kung hindi lang kita kilala, iisipin ko na isa kang Zaragosa. Masyado kang attached sa mansion na iyon.”

“Hindi ko rin maintindihan, Kai. Sa totoo lang, ang weird palagi ng pakiramdam ko pag nakikita ko ang *Casa*. It’s like I’ve been there or somewhere similar to that place.”

“Weird nga,” her friend muttered.

“Bakit mo ba ako hinahanap?” naalala niyang itanong.

“Tumawag si Edsel,” sagot nito. “May party daw sa kanila mamaya dahil birthday ng tita niya. Nag-iimbita.”

Si Edsel ay assistant manager sa *Club Punta Fuego*. Kababata ito ni Kakai at naging kaibigan na rin niya.

Nang ipakilala siya rito ng kaibigan ay kaagad itong nagpakita ng interes sa kanya, to her amusement. Pero hindi pa man ito nagtatagal na manligaw ay tinapat na niya itong kaibigan lang ang turing niya rito. Bagay na tinanggap naman ng binata. Mabait itong tao at masarap kasama. Sadya nga lamang hindi niya kayang turuan ang puso niyang ibigin ito.

Bagay na palaisipan sa kanya.

Avarie could not remember having been involved with a man. Wala naman daw siyang naging boyfriend, ayon sa daddy niya. But deep in her heart, she felt she was already committed to someone. Kaya kahit anong pilit niyang magmahal ng ibang lalaki, palaging may munting tinig na pumipigil sa kanya.

Then she looked at her companion fondly.

Anak si Kakai ni Tita Lory, third cousin ng kanyang ina. Nang umalis sila ng Lucena ay bumalik silang mag-ama sa birthplace ng mommy niya at tumira sa maliit na apartment na minana nito sa mga magulang. At magmula nang mamatay sa isang atake ang daddy niya ay ang kanyang Tita Lory na ang kumupkop sa kanya. Magkadikit lang ang bahay nito at ang dating bahay ng kanyang ina.

Naging close kaagad sila ni Kakai dahil hindi

nalalayo ang age nila bukod pa sa fourth generation cousin niya ito. And for nine years, Kakai had been her friend, her sister, her confidante. Bukod pa iyon sa pagiging magkasosyo nila sa *Claire's Garden*, ang plant nursery na itinayo nila five years ago at ipinangalan niya sa namayapang ina.

Hindi kaila sa kanya na may gusto ang dalaga kay Edsel. Pero dahil siya ang niligawan ng binata, nagkasya na lamang itong maging barkada ng lalaki. Masaya na itong kasama ang binata kahit pa hindi naman ito mismo ang pinagbubuhusan ng atensyon.

Natigilan siya nang biglang mag-flash sa isip niya ang pamilyar na ngiti ng isang lalaki. Kaagad niyang ipinilig ang ulo.

Naipagkamali ni Kakai iyon bilang pagtangga niyang magpunta sa party.

“Sige na, Ava. Sumama ka na. Para naman mag-enjoy ako kahit paano.”

Kunwa’y nag-isip pa siya nang malalim. Natawa siya nang muli itong umungot.

“O, sige na. Matigil ka na lang diyan.”

Umaliwalas ang mukha nito at parang bata pang tumili. Napangiti na rin si Avarie.

*A Special Memory - Doreen Laroya*

---

“Tara na!” Hinila siya nito patayo. “May oras pa para sa beauty rest!”

Tumatawang sumunod na lamang siya sa kaibigan.

## 2

Katulad ng dating gawi, pagkatapos mag-almusal nang Sabadong iyon ay sumakay na si Avarie sa kanyang bike upang muling dalawin ang *Casa Zaragosa*.

Every weekend lang siya nagkakaroon ng pagkakataong puntahan ang *Casa* at ang beach dahil kapag weekdays ay gabi na silang nakakauwi ni Kakai galing sa plant nursery.

Ang kaibahan ng araw na iyon, bukas ang gate ng *Casa* nang dumating siya.

Nagpalinga-linga si Avarie. Wala siyang makitang tao. Wala rin siyang makitang ebidensya na pinuwera ang pagkakatanggal ng makapal na kadena. In the first place, hindi iyon kakayanin ng isang ordinayong bolt cutter.

Curiosity got the better of her. Malakas ang kabog ng kanyang dibdib nang pumasok siya nang walang paalam sa bakuran.

“Tao po!” sigaw niya. Alerto ang kanyang mga mata sa anumang movement sa paligid. But there was none. The place was as deserted as it had always

been.

Sa halip na umalis na'y nilubos na niya ang pamamasyal sa loob.

Maraming nagkalat na tuyong dahon sa paligid. Umabot na hanggang tuhod ng dalaga ang haba ng mga damo. There were no flowers in sight. Ngunit may mga puno naman sa paligid.

Natuon ang pansin niya sa Spanish mansion. May eerie feel para sa ibang tao pero hindi sa kanya. Ilang hakbang ang layo ni Avarie sa main entrance nito nang bigla siyang gulatin ng tinig ng isang lalaki.

“Can I help you?”

She almost screamed. Pagharap niya ay isang matangkad na lalaki ang nakatayo ilang dipa mula sa kanya. The man sported a deep frown. Hindi ito nakangiti but there was nothing threatening in the way he stared at her. And she felt guiltier for trespassing than scared.

“I... I'm sorry.”

“Isa ka siguro sa mga locals.”

Locals ang taguri sa taal na tagaroon. Kahit hindi naman totoo, napatango na rin siya.

“H-hindi ko sinasadyang pumasok. It’s just that... naisip ko lang kasi na baka may pumasok na magnanakaw dito sa loob. Nawala kasi ang kadena sa gate.”

“Ako ang nag-unlock,” anito na ipinakita pa sa kanya ang susi.

The man smiled. He was quite handsome and of typical Spanish descent. Matangkad ito, mestizo, matangos ang ilong at mapula ang mga labi. Pero kahit gaano pa ito kaguwapo, napagdesisyunan na kaagad ng puso niya na hindi niya ito type.

She wanted to groan in frustration. Napaka-abnormal na talaga ng pakiramdam niya.

“Ako nga pala si Bradley Zaragosa. You can call me ‘Brad’ for short,” pakilala nito na inilahad pa ang isang kamay.

She took it without hesitation. Ni hindi niya pinansin ang bahagyang pagpisil nito sa kamay niya.

“Zaragosa? You mean isa kang...”

“I’m the one and only grandson of Artemio and Gilda Zaragosa.”

“Eh, di sa iyo itong lugar na ito.”

The guy's lips twitched into another smile.

“Legally, yes.”

“And the beach?”

“That, too.”

Naubusan siya ng sasabihin. Napayuko na lang si Avarie.

“Mukhang madalas kang mapadayo dito.”

She giggled nervously. “Nakagawian ko lang na dalawin itong mansion bago ako magtungo sa beach.” Her eyes lifted to his face. “I... I hope you don't mind kung nagte-trespass ako sa property mo.”

Nagkibit-balikat ito. “I don't mind. Hindi naman maramot ang pamilya ko. And I still won't mind if you keep coming here. Matagal-tagal na rin mula noong magawi ako dito. I could use some company, especially kung kasing-ganda mo.”

It was obvious flattery. Pero iyon nga, wala pa ring epekto sa kanya.

“I... I think I should go. Baka hinahanap na ako ng tiya ko.”

Hindi siya pinigilan ni Brad. He just smiled and bade her goodbye. Pagdating sa labas ay kinuha niya

ang nakasandal na bike. Hindi niya alam kung bakit napalingon siya. Parang may narinig siyang tumawag ng kanyang pangalan. Naroon pa rin si Brad kung saan niya ito iniwan. Pero hindi na ito nag-iisa. Katabi nito ang isang lalaki na halos kasing-tangkad nito. Kapwa nakatingin ang dalawa sa kanya.

Her heart thumped wildly, a thousand butterflies fluttered inside her stomach. Nakadama siya ng sandaling panlalamig. Katulad ng naramdaman niya sa tuwing may sumisingit na alaala sa kanyang isip. But it was more intense this time.

And it wasn't because Brad had that seductive grin on his face. Dahil iyon sa katabi nito, na walang kangiti-ngiti at matatalim ang mga matang nakatitig sa kanya.

Pakiramdam ni Avarie ay mawawalan siya ng malay kapag hindi pa siya umalis doon. Kahit nanginginig ang buong katawan ay pinilit niyang sumakay at paandarin ang kanyang bisikleta palayo sa *Casa Zaragosa*.

---

“Sino ang babaeng iyon?” tanong ni Dean sa kaibigan.

Umungol ang lalaki at ipinitik pa ang dalawang

daliri sa hangin.

“Shit! I forgot to ask her name.”

Tumaas ang isang kilay niya. “So hindi mo siya kilala. Bakit siya narito?”

“Obviously, madalas siyang mapagawi dito dahil pumupunta siya palagi sa beach. Nang makita niyang bukas ang gate, she got curious and came inside.”

“Hindi kaya naman miyembro ng akyat-bahay gang ’yan at tinitingnan lang kung may mananakaw dito?”

Humalakhak si Brad. “You and your incredulous mind, Dean. Imposibleng maging criminal ang ganoon kagandang mukha.”

Lalong tumaas ang kilay niya. Tinapik siya nito sa balikat.

“Lighten up, Dean. Probinsya ito at hindi Manila. And whether you believe it or not, may natitira pa ring matitinong tao sa mundo.”

Hindi na lamang siya nakipagtalo dahil hahaba lang ang diskusyon nila. “Galing ako sa likod. Buo pa naman ang hagdanan pababa sa beach. Pero iyong fence sa cliff ay kailangan nang palitan,” he said in his professional tone.

“So what’s your verdict?”

“The cost of repair and renovation could go over the initial assumption I made. Pero titingnan ko kung may magagawa ako para makatipid tayo.”

Umiling ang kasama niya. “Nonsense! Money is not the issue here. Matagal nang napabayaang ang lugar na ito. At tama lang na ibalik ko ito sa dati nitong ganda. This is my family’s legacy.”

“Kung ganoon, sisimulan ko na ang preparation para sa renovation.”

“Okay.”

For the next few minutes ay naging komportable na si Dean sa pag-uusap nila ni Brad. Pero paminsan-minsan ay sumisingit pa rin sa isip niya ang mukha ng babaeng nakita niya kanina.

*Kamukha siya ni...* Ipinilig niya ang ulo. He had vowed not to think of her. She’s not worth even a minute’s thought. Pagkatapos ng ginawa ni Avarie sa kanya, itinanim na niya sa puso ang galit para sa dating nobya.

---

“Himala. Ang aga mo yatang umuwi ngayon?” puna ni Kakai. Lumipat ito sa bahay niya nang

matanaw siya nitong ikinakadena ang kanyang bisikleta.

“Hindi na ako tumuloy sa beach.”

Salubong ang mga kilay nito nang titigan niya.

“Ava, may problema ka ba? Namumutla ka na naman.”

Awtomatikong nahilot niya ang sentido. “M-masakit lang ang ulo ko.” Hindi siya nagsisinungaling. Talagang masakit ang ulo niya.

“Na naman? Aba’y napapadalas na yata ang pagsumpong ng migraine mo. Magpa-checkup ka kaya. Baka iba na ’yan.”

Umiling siya. “Hindi na kailangan. Ganito lang talaga ako.”

Sinundan siya ni Kakai hanggang sa kusina. Kumuha siya ng isang capsule ng mefenamic acid sa medicine cabinet. Iniabot nito sa kanya ang isang baso ng tubig.

“Alam mo bang may tao sa *Casa*?”

Nanlaki ang mga mata nito. “N-nakakita ka ng multo?”

Tinawanan niya ito. “Sira! Totoong tao ang

tinutukoy ko. Apo siya ng dating may-ari. Bradley Zaragosa ang pangalan niya.”

“Oh...” anito na tatangu-tango.

“Mukhang balak niyang buksan muli ang mansion, Kai.”

Hindi alam ni Avarie kung bakit excited siya. Pero talagang masaya siya na maaayos muli ang *Casa Zaragosa*.

“Aba’y magandang balita ’yan. Baka naman ipa-convert na n’ung apo sa isang resort ’yung property,” tugon ng kausap niya.

“Malamang. P’wedeng-p’wede naman. Maganda ’yung beachfront. Nakakahinayang nga lang dahil pag nangyari iyon, hindi na ako p’wedeng pumunta doon nang libre.”

“Or, p’wede ring kunin ka ng may-ari bilang isa sa staff niya. Kung nakilala ka na niya at kung isa siyang tunay na kalahi ni Adan, I’m sure nabighani na iyon sa charms mo,” panunukso nito.

Natatawang tinampal niya ito sa braso.

“Ikaw talaga, puro ka kalokohan.”

“Aba, nagsasabi lang ako ng totoo. At kung apo

nga siya ng mag-asawang Zaragosa, I'm sure guwapo siya and I'm also sure na bagay kayo.”

Napailing na lamang siya. Kilala na niyang masyadong fast forward ang isip ni Kakai.

Muli ay sumagi sa isip ng dalaga ang mukha ni Brad. Guwapo talaga ito. At hindi sa pagyayabang, halatang smitten ito sa kanya kanina. Pero hindi niya type ang lalaki. Mas type niya ang nakita niyang katabi nito kanina.

Bigla siyang napahawak sa magkabilang pisngi niya.

“Bakit namumula ka? Naiisip mo 'yung Brad na 'yun, 'no!”

“A-actually, hindi si Brad ang naiisip ko kundi 'yung kasama niya,” pag-amin niya.

Namilog ang mga mata ni Kakai. “May isa pa?”

Tumango siya. Inilarawan niya ang hitsura ng lalaki. At kulang na lang ay literal na malaglag ang panga nito nang matapos siya.

“Hallelujah! It's raining men!” anito na itinaas pa ang dalawang kamay sa ere. Napabunghalit tuloy siya ng tawa.

*A Special Memory - Doreen Laroya*

---

Excited na nagpaalam sa kanya si Kakai para ikalat ang mabuting balita sa iba pa nitong kakilala.

Natatawa pa rin si Avarie nang pumasok sa kanyang kuwarto para maligo. She thought of the stranger again. Napawi ang kanyang ngiti nang maalala ang matatalim na titig sa kanya ng lalaki. It was different from the way Brad stared at her. Para itong galit sa kanya at hindi niya alam kung bakit.

Parang stimulus iyon na nagpakibot na naman ng kanyang sentido. Katulad ng dati ay sinundan iyon ng ilang flashes of memory. This time, malinaw niyang nakita ang mukha ng lalaking nakangiti sa kanya.

“Oh, my God!”

Nanghihina si Avarie na biglang napaupo sa kama, halos marinig na niya ang malakas na pagbayo ng kanyang dibdib.

Hindi siya maaaring magkamali. Ang lalaking nakita niya kanina at ang nakangiting mukha na sumasalit sa kanyang memorya... ay iisa.

# 3

Pahangos na pumasok sa loob ng opisina ng *Claire's Garden* si Avarie. Tinanghali siya ng gising at nagkataon pang nagkaroon ng banggaan sa highway kaya na-late siya nang halos isang oras.

She was busy filing the delivery receipts when the door chime sounded. Inihanda niya ang kanyang matamis na ngiti bago hinarap ang kapapasok na customer. Nabitin sa lalamunan ang sasabihin sana niyang pagbati.

Halatang nagulat din si Brad.

“Just my luck,” anitong malapad ang pagkakangiti. “Hindi ko alam na ikaw pala ang may-ari ng plant nursery na ito.”

“Actually, dalawa kami ni Kakai.” Ikiniling niya ang ulo at nginitian ang binata. “Ano’ng maipaglilingkod ko sa iyo?”

“Well...” Hinimas nito ang baba. “You can tell me your name.” Parang bata itong nagkamot ng ulo. “Sa sobrang starstruck ko sa iyo, nakalimutan kong itanong ang pangalan mo.”

She giggled with amusement. She offered her hand out of courtesy.

“I’m Avarie Milan.”

Naramdaman niya ang pagpisil nito sa kanyang kamay, pero katulad nang una ay wala siyang naramdamang kilig.

“Magandang pangalan. Bagay sa may-ari.”

Napahagikgik na naman siya. Hawak pa rin ni Brad ang kamay niya nang lumabas mula sa nursery si Kakai.

“Nandiyan ka na pala.”

“Yeah. Sorry. Tinanghali ako ng gising.”

Tumaas ang isang kilay ng babae at pagkatapos ay sumulyap kay Brad. Nakaunawang ipinakilala niya ito sa binata.

“Bakit ka nga pala napunta rito?”

Nasa Tagaytay ang plant nursery nila, a good one-hour drive from their town.

“Naghahanap ako ng plant nursery na p’wedeng mag-supply ng mga kakailanganin para sa landscape ng *Casa Zaragosa*. May nakapag-recommend nitong *Claire’s Garden*. Actually, I was supposed to meet my

friend here.”

“Ah, baka si Architect Arcance ang tinutukoy mo.” Sabay pa silang napatingin kay Kakai. “Galing na siya dito. Kaalis-alis lang niya mga...” anito na tumingin sa wall clock, “ten minutes ago. Nabanggit niyang may pupuntang kaibigan niya dito. Hindi na niya mahihintay dahil may appointment siya sa *Manila Hotel* before lunch.”

“Ganoon ba? May sinabi pa ba siyang iba?” paniniguro ni Brad.

“Wala naman. But he asked me if I could show him the nursery,” sagot ni Kakai. Nakamata lang si Avarie dahil hindi naman niya naabutan ang tinutukoy nito.

“Hmm... okay lang. I’ll just call Dean.”

*Dean...*

The name rang a bell. Parang pamilyar kay Avarie. She felt the familiar pounding of her temple. Ipinilig niya ang ulo.

“Paano, maiwan ko na muna kayo,” paalam ng binata at nagpasalamat sa kanila. Bubuksan na lamang nito ang pinto nang muli itong bumalik sa counter.

“Nga pala, are you free on Saturday night?” Nagkatinginan silang magkaibigan. Gustong itanong ni Avarie kung siya ba o si Kakai ang tinatanong nito.

“May in-organize kasi akong restoration gala sa Saturday sa *Casa Zaragosa*. I was hoping both of you could come.”

Behind the counter, naramdaman niya ang mahigpit na pagpisil ni Kakai sa palapulsuhan niya. Ang lapad ng ngiti nito. Tumingin pa muna ito sa kanya bago muling sumulyap kay Brad at tumango.

Iyon lang ang hinintay ng lalaki.

“Great! I’ll see you on Saturday night.” Tuluyan na itong umalis.

Paglapat na paglapat ng pinto ay umalingawngaw na ang excited na tili ni Kakai. Ilang workers tuloy nila na nasa nursery ang napasilip sa screen door.

“Oh, my God, Ava, ang guwapo niya!” Pasalampak itong naupo sa sofa. “Magha-hyperventilate yata ako.” Eksaherado nitong kinapa ang dibdib.

Tinawanan niya ang kaibigan.

“Hoy, ang OA mo!”

Nakataas ang isang kilay na tumingin ito sa

kanya.

“You mean hindi ka affected kay Brad? Ang guwapo kaya niya! At ang balat... grabe ang kinis! Parang palaging bagong ligo sa bango.”

“Hmm... yes, guwapo siya. Pero hindi katulad niya ang type ko.” She rummaged inside the file cabinet.

“Eh, ano ba ang tipo mo?”

She glanced at her friend, closed the drawer and joined her on the sofa.

“Ang gusto ko ’yung matangkad, hindi gaanong kaputian, may maamong mata, may magandang ngiti...” Napailing siya. “Ewan ko, Kai. I guess I’m not looking for a particular physical attribute. Siguro malalaman ko na lang na gusto ko ’yung lalaki once I meet him.”

Patangu-tango ito.

“You should have seen Architect Dean.”

The mere mention of the name made her head throb again.

“Baka siya ang type mo.” Sandali itong nag-isip. “Sabagay, pansin ko nga parang mas malakas ang

appeal ni Architect. Rugged kasi ang dating niya at lalaking-lalaki. Iyon bang sanay magbanat ng buto. At... susme! Kung makikita mo ang abs, matatalo iyong mga lalaking nagmo-model ng underwear.”

The headache became persistent.

“A-ano ba ang hitsura niya?”

“Hmm... medyo mahaba ang shaggy na buhok, matangkad nang kaunti kay Brad, kayumanggi...”

For the next minute, unconsciously ay inilarawan ng kanyang kaibigan ang mukhang madalas niyang makita sa mga flashbacks.

Nahawakan bigla ni Avarie ang kanyang dibdib. Her heart was racing. And she could feel the gnawing feeling in the pit of her stomach.

Why was she affected by a man she hadn't met yet? At bakit madalas itong sumingit sa isip niya?

“Makikita natin tiyak iyon sa gala,” masayang sabi ni Kakai. Oblivious ito sa pagbabago ng mood niya. “I can't wait for Saturday night!”

Halata ang excitement sa tinig nito. In-asses niya ang sariling damdamin.

Hindi niya maintindihan kung bakit pero

kinabahan siya. And she dreaded that coming Saturday night!

---

Malaki ang ipinagkaiba ng *Casa Zaragosa* nang gabing iyon sa dati nitong hitsura. Natabas na ang hanggang tuhod na damo at mga natuyong halaman. Ang gazebo ay tuluyan nang giniba pati na ang greenhouse. Pansamantalang nag-set up ng overhead lighting system upang magbigay ng liwanag sa malawak na lawn. Nakakalat din ang mga dinner tables sa paligid. A band played beneath a pergola on an elevated stage na itinayo mismo sa pinaka-entrance ng mansion. Naroon din sa itaas ng stage ang isang canvass na natatakpan ng white sheets.

Sa dating lugar ng greenhouse ay ang buffet table at ang liquor bar.

Kanina pa palinga-linga si Avarie. Hindi pa man sila nagtatagal na dumating ni Kakai ay inaya na siyang magsayaw ni Brad. And since then, she had been dancing with a number of male guests na karamihan ay kaibigan at kakilala ng binata. Nag-enjoy naman siya. Except for that nagging feeling na parang may nakatingin sa kanya palagi. And it was weird considering she was at a social function.

*A Special Memory - Doreen Laroya*

---

Hinanap niya si Kakai. Nakita niyang may kausap itong isang lalaki. Lalapitan sana niya ang dalawa, pero bigla namang pumagitna ang mga ito sa makeshift dance floor.

She sighed. Nahihilo na siya sa dami ng tao.

She decided to find a place to have some peace and quiet and maybe relax for a while.

She passed by the stage and went behind it. Hindi pa niya nakikita ang gawing iyon ng mansion.

She strolled away until she reached a green tunnel. She could clearly see what was inside dahil sumisingit sa sirang arbor ang liwanag ng bilog na buwan. Lumingon siya upang tingnan kung may sumunod sa kanya, pero walang ibang tao sa paligid. Dahil sa likas na curiosity and with adrenaline pumping, naglakas-loob siyang pumasok.

The tunnel led her to a secret verandah overlooking the sea. Exuberance reddened her cheeks. With wide eyes, she stepped closer to the edge.

The place turned out to be a rock cliff. Sa kanyang kanan ay isang hagdanang bato pababa sa beachfront na madalas niyang puntahan. Kahit madilim ay naaninaw niya ang outline ng batuhan na madalas niyang pagpahingahan pagkatapos niyang

maligo sa dagat.

Ilang minuto rin siyang tumayo lamang doon at hinangaan ang magandang view. When, out of the corner of her eye, she saw something move.

Lumingon si Avarie sa kanyang pinanggalingan. Wala namang tao. Noon lang niya napansin na halos kalahati ng veranda ay nasasakop ng kadiliman. Bigla siyang kinabahan.

Again, she sensed some movements, doon sa isang sulok malapit sa puno.

“H-hello? May tao ba diyan?”

Walang sumagot. May nakita siyang isang anino. Pero hindi ito lumapit sa kanya.

Gumapang ang kilabot sa buong katawan ni Avarie. Hindi na siya nagdalawang-isip pang umalis sa lugar na iyon. Lakad-takbo ang ginawa niya, makabalik lang sa sentro ng kasayahan kung saan maraming tao.

She just appeared from the side when Kakai called her.

“Saan ka ba nagpupunta? Kanina pa kita hinahanap. At saka...” Kakai studied her carefully. “Bakit humihingal ka at para kang takot na takot?”

Huminga siya nang malalim at saka nag-exhale.

“D-diyang lang. N-napagod lang akong maglakad kaya ako hinihinal.”

Hindi niya magawang sabihin sa kausap ang totoo dahil alam niyang hindi ito maniniwala. And besides, baka mapagalitan pa siya dahil nangahas siyang pumunta sa off-limits zone ng mansion.

“H-halika na. Kumain na tayo. Nagugutom na ako.”

Nagkibit-balikat lang ito at saka sumunod sa kanya.

Kasalukuyan silang kumakain nang pumagitna sa stage si Brad at magbigay ng maikling speech. Pasasalamat iyon at information na rin sa mangyayaring restoration ng *Casa Zaragosa*. Napuno ng masigabong palakpakan ang paligid nang i-unveil nito ang larawan ng magiging hitsura ng *Casa* pagkatapos ng restoration.

“I’d like to present to you the man behind this brilliant project, the man who will make these things happen, my dear friend Arch. Dean Arcance.”

From behind the stage, lumabas ang isang lalaki at lumapit kay Brad. At kasabay ng masigabong

palakpakan at hiyawan ng mga tao ay ang paglagpak ng hawak na tinidor ni Avarie sa mesa.

*Siya iyon...*

Titig na titig siya sa mukha ng binatang nagsasalita. Conscious siya sa tinig nito at sa bawat pagbuka ng bibig. Pero wala siyang maintindihan sa mga sinasabi nito. Wala siyang marinig kundi ang malakas na kabog ng kanyang dibdib at ang malalim niyang paghinga. Kahit nang makita niyang bumaba ito ng stage ay tulala pa rin siya.

---

Alam ni Dean kung saan niya ibabaling ang mga mata para makita ang dalaga. And true, nang tumingin siya sa table nito ay nakita niyang nakatitig ito sa kanya.

Even from his distance, he could see the paleness of her skin. It made him frown. At lalong nagpalito sa damdamin niya ang nakitang takot sa mga mata ng babae.

Well, she should be frightened. Kung malalaman lang nito ang lahat ng pinaplano niya, she'd run like a scared rat. It would serve her right for leaving him.

“Mukhang masama na naman ang tingin mo kay

Avarie.”

He sneered and glanced at his friend. Mula nang banggitin ni Brad sa kanya ang pangalan ng dalagang nahuli nitong nag-trespass sa grounds ng *Casa Zaragosa* ay hindi na siya natahimik. Ilang ulit niyang inisip na baka coincidence lamang ang pagkakahawig nito at pagkakatulad ng pangalan sa ex-fiancée niyang si Avarie.

Pero walang ganoong coincidence. So he made his own investigation. At natuklasan nga niyang ito ang Avarie Milan na matagal na niyang hinahanap.

Nagbakasyon lang siya sa Manila nang magkita sila ni Brad, college schoolmate at kabarkada niya. Kauuwi lang niya galing ng Canada. Nang malaman nitong isa siyang landscape architect ay nabanggit nito ang balak na i-restore ang family mansion nito sa Batangas. His friend offered him the job at dahil wala naman siyang ibang commitment ay tinanggap niya iyon.

Sino ang mag-aakala na sa pagpunta niya rito sa Batangas ay magkakaroon din siya ng pagkakataon para makaganti?

Nagsimula na namang tumugtog ang inupahang banda. Nagpaalam siya sandali sa kaibigan upang

*A Special Memory - Doreen Laroya*

---

lumapit sa table nina Avarie at Kakai.

Nakita niyang suminghap ito. She was nervous, terrified to be exact.

Napangisi siya.

Oh, revenge will be sweet...

# 4

*Nine years ago...*

“Ava...”

“Don’t touch me! Galit ako sa ’yo!” Ipiniksi ni Avarie ang kanyang braso nang tangkain siyang hawakan ni Dean.

“Babe naman...”

“At huwag mo akong matawag-tawag na ‘Babe’!” Nagdadabog na ibinagsak ng dalaga ang scuba gear na kanina lang ay suot niya. Kaaahon lamang nila ni Dean mula sa pag-scuba diving.

Naroon sila sa *Pagbilao Grande* na sakop ng Pagbilao, Quezon.

Scuba diving ang isa sa mga hilig ng binata. At tuwing nasa Lucena ito ay wala silang ginagawa kundi ang libutin ang iba’t ibang beach resorts sa Quezon. Dinala siya rito ni Dean dahil gusto nitong subukan ang pamosong dive spots sa *Puting Buhangin*. Kaibigan nito ang may-ari ng property kung saan sila naroon.

“Babe naman...” ani Dean na bumuntong-

hininga. Ngunit hindi man lamang kakitaan ng pag-aalala ang mukha nito. Sa halip ay napangiti pa ito nang lihim. His face beamed with happiness. “Ava...”

Naramdaman ng dalaga ang pagyakap ng katipan sa kanyang baywang. Napahikbi siya dahil sa ginawi nito. Lalo pa siyang naging emosyonal nang maramdaman ang masuyong halik nito sa kanyang balikat.

“I’m sorry, Babe! Promise, hindi ko na uulitin.”

“Why do you always do this, Dean? Bakit lagi mo na lang akong tinatakot?” Sumariwa sa isip niya ang nangyari kanina lamang habang nasa ilalim sila ng karagatan.

Paubos na ang oxygen nila, kaya sumenyas na siyang umahon na sila. Ang akala niya ay nakasunod na si Dean sa kanya. Pero nang mag-surface siya sa tubig ay wala ito. She dived again, pero wala na ito sa spot na pinanggalingan nila. Nagpa-panic na si Avarie nang bigla itong lumitaw mula sa maliit na giwang ng isang rock formation.

“Gusto ko lang namang i-explore ’yung loob ng giwang. You know how I love adventure. At saka, na-miss ko ang diving.”

Every weekend lang itong nakakauwi sa Lucena

dahil nasa Manila ang trabaho nito. At isang buwan ding hindi nito nagawang umuwi dahil loaded ito sa proyekto.

“Kahit pa! Bakit hindi mo man lang ako sinabihan?”

“It was a last-minute decision. Nahagip lang ng mata ko ’yung giwang n’ung paahon na tayo. And I didn’t tell you dahil alam kong hindi ka papayag.”

Mula’t sapul ay alam na ni Avarie na mahilig sa adventure si Dean. Ito nga ang nagturo sa kanya na lumangoy at mag-deep sea diving. Pero iba kapag kasama niya ito at alam niyang maaaring manganib ang binata. His reasoning failed to calm her fears. She couldn’t stop her tears from falling. Hanggang ngayon ay dama pa rin niya ang takot sa posibleng kinahinatnan ng kasintahan.

“P’wede bang huwag kang magpa-cute diyan? Hindi ako natutuwa sa iyo!” sigaw niya nang makitang pinapungay lamang nito ang mga mata at matamis na ngumiti sa kanya.

Dahil sa pagkapikon ay tinalikuran niya ang nobyo.

Napailing na lamang si Dean habang sinusundan ng tingin ang papalayong dalaga.

*Galit talaga!* naisip niya. Ngunit hindi naman siya nababahala. Alam niya kung bakit nagkakaganoon ang babae. At kasalanan naman niya talaga. Kung bakit kasi minsan ay hindi niya makontrol ang curiosity niya. Kailangan niyang amuin si Ava. Mabuti na lamang at hindi ito mahirap amuin. He smiled to himself.

“Baby... I’m really sorry,” pigil niya sa braso ng nobya nang maabutan niya ito. “Sige na naman, o! Bati na tayo. Huwag ka nang magalit.”

“Paanong hindi ako magagalit? Alam mo bang halos hindi na ako makahinga kanina sa kaba? Hindi kita makita sa ibaba and you’re almost out of oxygen. Ano’ng gusto mong gawin ko, humalakhak pa sa tuwa? ’Tapos makikita pa kitang lumalabas sa makipot na butas na iyon. Paano kung di ka nakalabas? Paano kung may man-eating creature pala sa loob n’un? Mapapahamak ka at hindi ko man lang malalaman!” Naitakip nito ang dalawang kamay sa mukha at parang batang humagulhol.

Kinabig ni Dean ang kasintahan at ikinulong sa kanyang mga bisig. He could hear her sobs.

“I’m sorry,” he whispered.

“I... h-hate you,” sagot nito sa pagitan ng paghikbi.

He chuckled. “There’s no reason for you to worry. Wala namang nangyari, di ba?”

“P-pero...” He silenced her with a soft kiss.

“Hindi ako masasaktan dahil poprotektahan ako ng pag-ibig mo. At hindi ko rin naman pababayaang ang sarili ko dahil alam kong ikaw ang unang-unang masasaktan kapag may nangyaring masama sa akin.” He stroked the soft skin of her face. “I love you very much, Avarie. I’d do everything for you.”

“Including scaring me to death?” nakasimangot pa ring tanong nito. Ngunit ang dalawang kamay nito ay nakayakap na sa kanyang batok. Napatawa siya sa sinabi ng nobya. Pinalo siya nito sa dibdib.

“Mangako kang hindi mo na uulitin iyon.”

Nakangiting itinapat niya ang kanang kamay sa kanyang dibdib. “I promise.”

Muli niyang niyakap ang katipan at ginawaran ng halik sa labi. She welcomed his kiss like a child craving for candy. Ngunit bago pa tuluyang madarang ang kanyang katawan ay siya na ang naunang kumalas. Isang ungol ng protesta ang pinakawalan nito.

“Don’t get disappointed, Baby! Darating din tayo diyan. At kapag dumating ang oras na iyon, sisiguraduhin kong ikaw ang unang susuko.”

“Hmph! Puro naman banta!” nakalabing reklamo nito. “Siguro kaya ayaw mo kasi hindi ako kasing-ganda’t kasing-sexy n’ung mga babaeng nakakasama mo sa Manila.” Nahimigan niya ang pagtatampo sa tinig nito, and the obvious jealousy.

Avarie said quite the opposite. Totoong sa pamamalagi niya sa Maynila ay marami na siyang nakilalang magaganda at seksing babae. Pero wala isa mang pumantay man lamang sa inosenteng ganda ng kanyang kasintahan. She could hypnotize any man with those doll-like eyes of hers. And her lips always set his body on fire. Hindi lamang batid ni Avarie kung gaanong pagpipigil ang ginagawa niya sa bawat inosenteng pang-aakit nito kapag napapag-isa sila.

May kapilyuhang pumasok sa isip ni Dean. Kinuha niya ang isang kamay nito at inilagay sa pagitan ng kanyang mga hita, doon kung saan mararamdaman nito ang pagnanasang kanyang nararamdaman. Muntik na siyang mapahagalpak ng tawa sa nakitang ekspresyon ng nobya. Her sensual mouth formed a big O, her eyes wide with bewilderment, her cheeks a shade of burning red. Daig pa ang napasong kaagad

nitong hinila ang kamay.

“Deion Andrick!”

Isang malutong na halakhak ang pumailanlang sa paligid.

“O, bakit parang natatakot ka yata ngayon?” biro niya sa kasintahan.

“Binabastos mo ba ako?” He took both of her hands and placed it near his heart.

“Do you feel how fast my heart is beating right now?” Isang kiming tango ang isinagot nito. “Ganito ako palagi kapag kasama kita.”

“P-pati...” Alanganing bumaba ang mga mata nito sa umbok sa pagitan ng kanyang mga hita, namumula pa rin ang mga pisngi. “I... I mean...”

“Especially *that*, Baby!”

May kalituhang rumehistro sa mukha nito. “P-pero bakit mo pinipigilan ang sarili mo? I... I want it, too.” She almost whispered the last words.

“Avarie...” He stroked her cheeks gently. “It’s not that I don’t desire you. God knows how much I want to make love to you every minute that we’re together. Pero may tamang panahon para gawin natin iyon.”

“Kailan?” she asked innocently. Amused na nginitian ni Dean ang dalaga. Avarie just turned eighteen, already ripe for the picking. At kaytagal niyang hinintay ang panahong ito kung kailan maaari na niyang maangkin ang dalaga.

“Soon, Babe! Soon!” He kissed her passionately. Siya man ay hindi na makapaghintay pa. Ngunit kailangang gawin niya nang tama ang lahat.

---

Hindi dalawin ng antok nang gabing iyon si Avarie. Pagkatapos siyang ihatid ni Dean ay umuwi na rin ito. Lunes na naman kasi kinabukasan at kailangan nitong pumasok sa trabaho.

Parang bata siyang gustong umiyak nang magpaalam ito kanina. Hindi pa man ay nami-miss na niya ang binata. Pero wala naman siyang magagawa kundi hintayin ang susunod na pagkakataon na magkakasama silang muli.

Her whole world evolved around Dean. Kulang sa kanya ang dalawang araw nilang pagsasama. Walang oras o araw na hindi niya pinanabikan ang nobyo. Magmula nang matuklasan niyang mahal niya ang lalaki ay wala na siyang ninais pa kundi ang makasama ito habambuhay. Her sole dream was

to be his wife, to bear his children. Wala na siyang mahihiling pa sa sandaling mangyari iyon.

She stared dreamily at the ceiling. Hindi niya mapigilang mapangiti at kiligin nang maalala ang anyo nito. Ang maamong mga mata na halos mag-isang linya kapag ito ay tumatawa na binagayan ng makakapal na kilay, katamtamang tangos ng ilong, his full sexy lips, dimpled cheeks and prominent jaws. Si Dean na yata ang pinakaguwapong lalaki na nakilala niya. Lalo pa itong gumandang lalaki dahil bumagay rito ang may kahabaang buhok.

She had known Dean since she was six. She was literally his shadow, palaging nakasunod dito kahit saan ito magpunta. Hindi iyon naging problema dahil magkaibigan ang mga pamilya nila. And Dean was also very much fond of her. He never courted her. They just woke up one morning and realized that their friendship already blossomed into deep love. She was fifteen then, and he was twenty-two.

For three years, their relationship stood the test of time. Theirs wasn't a perfect relationship. Madalas silang mag-away lalo na noong first year nila bilang magkatipan dahil sa pagiging selosa niya. Pero alam nito kung paano pakibagayan ang childishness niya. Mahaba ang pasensya ng nobyo, but not to the

point na hinayaan nitong gamitin ni Avarie ang mga tantrums niya para dominahin ang binata. She had learned how to give and take. And as she grew older, she had learned to control her emotions and trust him unconditionally. Si Dean ang dahilan kung bakit maaga siyang nag-mature, kung bakit nagkaroon siya ng focus sa buhay.

Isang katok ang narinig niya na sinundan ng pagbukas ng pinto.

“Mukhang masaya na naman ang dalaga ko, ah!” Tinig iyon ni Carmelo Milan, ang kanyang ama.

“Ikaw pala, Dad.” Bumangon siya. Umupo naman ang matandang lalaki sa kanyang tabi.

“Palagi ka yatang ginagabi? Hinahanap ka ni Dean kanina.”

Umakbay ito sa kanya at kinabig siya.

“I’m sorry, Sweetheart. Masyado lang akong busy sa restaurant. Alam mo namang hindi maganda ang takbo ng negosyo ngayon.”

Nalungkot si Avarie dahil sa sinabi nito. Kahit gusto niyang tulungan ang kanyang ama ay wala pa siyang magawa. Hindi pa siya tapos sa pag-aaral. Sa pasukan ay nasa ikatlong taon pa lamang siya

sa kursong BSHRM sa *Manuel S. Enverga University Foundation* na matatagpuan sa Lucena, Quezon.

“Are we losing the business, Dad?”

Bumuntong-hininga si Carmelo at hinaplos ang mahabang buhok niya.

“Hindi, Avarie. At hindi ko hahayaang mawala sa akin ang negosyong ipinundar pa namin ng mommy mo.”

Hindi sila mayaman katulad ng pamilya Arcance. Pero nakaaangat naman sila kumpara sa iba. Ang restaurant ay magkatulong na ipinundar ng mga magulang niya. May personal touch iyon ng namayapa niyang ina, kaya may sentimental value sa kanilang mag-ama.

Nasabi sa kanya ni Carmelo na ilang buwan nang hindi maganda ang takbo ng restaurant. Natatabunan na kasi ito ng mga bago at malalaking establishments sa kanilang lugar.

“Huwag mo na lang kasing isipin ang tungkol sa negosyo. Darating ang panahon na ipapasa ko sa iyo ang responsibilidad para doon. But for the meantime, gusto kong i-enjoy mo ang buhay mo. You’re here for the summer. I want you to enjoy your vacation.”

Napangiti siya at sumulyap sa ama.

“Ang s’abi ni Manang Clara, maghapon daw kayong magkasama ni Dean?”

“Nagpunta kami sa Pagbilao. As usual, naligo kami sa dagat.”

“Mukhang seryoso na kayo sa isa’t isa, ah.”

She sighed dreamily. “Mahal na mahal ko siya, Dad. Masaya ako sa tuwing kasama ko siya. At nalulungkot ako kapag hindi ko siya nakikita.” Muli siyang sumulyap sa kausap. “Ganito rin ba kayo ni Mommy noon?”

Ngumiti ito nang may pagkaaliw. Nakatitig ito sa kawalan habang binabalikan ang masayang kahapon.

“We’re that and more! Your mother was my true love and I was her first. Pakiramdam ko noon, sa tuwing iiwan ko siya, para akong mamamatay. I couldn’t last one day without even hearing her voice. Kung mayroon lamang scale ang pag-ibig, baka lumagpas na kami sa pinakamataas na grado ng mommy mo.”

She giggled. She had been a witness to how perfect her parents’ relationship was. Sayang nga lamang at sandali lang ang itinagal ng pagsasama

ng mga ito bilang mag-asawa.

“Falling in love is the most wondrous of feelings, Avarie. Embrace it and cherish it. And if one day, love will leave you with more pain than happiness, just remember the good times. Katulad na lang namin ng mommy mo. Hindi man kami nabigyan ng mahabang panahon, nothing will compare to those precious moments I’ve had with her. At kung babalik ako sa panahon, siya pa rin ang iibigin ko at pipiliing makasama buong buhay. Wala akong pinagsisisihan, Anak. At alam kong ganoon din ang mommy mo, saan man siya naroon ngayon.”

Marami pang ipinangaral sa kanya ang ama na tahimik niyang pinakinggan. Sa kaibuturan ng puso ni Avarie, alam niyang susundin niya ang bawat salitang sinabi nito.

Ilang minuto pa itong nanatili sa kanyang silid at nakipagkuwentuhan sa kanya hanggang sa magpaalam nang matutulog.

# 5

Ilang buwan nang tapos ang summer. Malapit na ang katapusan ng Oktubre.

Habang binabagtas ng SUV ang kahabaan ng Ayala Avenue ay panay ang lingon ni Avarie sa paligid. Ilang ulit na rin naman siyang nakarating sa Manila. Pero ito ang unang pagkakataon na pumunta siya roon para dalawin si Dean. At excited siya lalo pa't tiyak niyang masosorpresa ito kapag nakita siya.

Biglaan lang ang pagsama niya sa mommy nito. Nakagawian na niyang dalawin ang mga magulang ng binata kapag may libre siyang oras. Napadalas ngayong semestral break nila. Nang araw na iyon nang makausap niya ang mommy ng nobyo ay nabanggit nitong luluwas ito ng Manila dahil may gusto itong dalawin na isang kaibigan. Kinapalan na niya ang mukha at sinabing gusto niyang sumama. Nag-suggest na rin siyang dalawin nila sa opisina si Dean.

Patricia Arcance was more than happy to have her company. Nang nagdaang gabi ay ito pa mismo ang tumawag sa daddy niya para ipagpaalam siya.

“Mga ten minutes na lang nasa *ARC* na tayo. Excited ka na ba?”

Parang bata siyang tumango. Sa mahigit isang oras na byahe nila ay hindi siya mapakali sa upuan. Hindi maikakaila ang pananabik sa kanyang mukha.

Her anticipation skyrocketed when they entered the building parking lot. Sa tenth floor ng building na iyon ang opisina ng *ARC* architectural firm kung saan nagtatrabaho si Dean as a junior architect.

“Let’s go.” Iniangkla niya ang isang kamay sa braso ng kanyang Tita Patricia.

Speechless pa rin si Avarie habang papasok sila sa building lobby. Sumakay sila ng elevator paakyat sa tenth floor.

“Tita, nasabi n’yo na po ba kay Dean na darating kayo?”

“Yes. Pero hindi niya alam na kasama kita.” The older woman smiled at her.

“Hindi kaya siya magalit?”

“Sus! ’Yun pa magagalit? Baka tumalon pa ’ika mo siya sa tuwa.” Patricia winked at her. “O, dito na tayo.”

Ang buong tenth floor ay sakop ng ARC. Hindi na siya nagtaka nang di na sila sitahin ng babaeng nasa reception area. Pag-aari ng mga Arcance ang architectural firm. Balang-araw ay mamanahin din ito ni Dean. He could've started in a much higher position pero mas pinili nitong magsimula sa ibaba, bilang junior architect. Gusto raw nitong maranasan kung paano paghirapan ang bawat promotion.

Napangiti si Avarie. Another thing she loved about Dean. Kahit mayaman ay hindi ito maere. Napaka-down-to-earth nitong tao.

Tinawid nila ang linya ng cubicles ng ilang staff at mga draftsmen bago lumiko sa isang pasilyo na may tatlong pinto. Ang pinakadulo ang opisina ni Dean.

Nasa bungad pa lang sila nang may tumawag kay Patricia. The older woman's face lit up in recognition.

“Alfredo, how are you?” bati nito sa lalaki.

Matapos siyang ipakilala ng ginang sa kumpare nito ay sinabihan siya nitong mauna na sa opisina ni Dean.

Sa harap ng dulong pinto ay nakarinig ng halakhakan si Avarie. Nakaawang pala ang pinto at nang silipin niya ay nakita niya ang nobyo na

nakaupo sa swivel chair nito. Sa gilid ng mesa ay nakaupo naman paharap sa binata ang isang seksing babae. Litaw ang mapuputing hita ng huli na sa tingin niya ay sinadya namang ilabas.

Kaagad umakyat ang selos sa kanyang utak. Pero sa halip na komprontahin ang dalawa ay umalis na lang siya. Di pa man siya nakakalayo ay nakasalubong na niya si Patricia.

“O, Avarie, bakit bumalik ka? Wala ba sa loob si Dean?”

“Si Dean ba ’ika mo? Hindi pa lumalabas ang batang iyan mula kanina. May kausap yatang kliyente,” sagot ng kasama nito.

Tumungo siya para hindi makita ng dalawa ang pagsimangot niya.

“Ganoon ba?”

Gusto niyang magalit sa ina ng binata dahil mukhang amused pa ito sa nalaman. Lalo tuloy bumigat ang pakiramdam niya. At nagsimula nang mag-init ang kanyang mga mata.

“Maiwan ka muna namin, Alfredo. Let’s go, Ava. It’s almost lunchtime. Time to push my son out of his office.”

Parang bata siyang hinila ng babae pabalik sa opisina ni Dean. Naiwan namang tatawa-tawa si Alfredo na kausap kanina ng nakatatandang babae.

Ni hindi na kumatok ang ginang. Basta na lang nito binuksan ang nakaawang na pinto. Gulat na napatayo ang babaeng kasama ng binata. Kahit ang huli ma'y nagulat din sa biglaang pagsulpot ng ina. At higit nang makitang kasama siya.

“Mommy. Avarie?”

Kaagad na tumayo si Dean at lumapit sa kanila. Una nitong hinalikan sa pisngi ang ina at nang siya naman ang hahalikan nito sa labi ay iniwas niya ang mukha. Sa pisngi niya nag-landing ang halik nito.

Kunot ang noong tinitigan siya ng binata.

Nagkunwari siyang pinagmamasdan ang isang larawan sa dingding para lang hindi mapatingin dito.

“Busy ka ba, Hijo?”

“No. We're through. Actually, nagkukuwentuhan na lang kami ni Lila.”

*Hmph! Naglalandian 'ika mo.* She pouted her lips in irritation.

“Nga pala, Mom... si Lila Griego. She's the owner

of *Café Griego*. The coffee shop I designed some months ago.” Sumulyap ito sa dalaga. “Lila, meet my mom, Patricia Arcance.”

Iniabot nito ang kamay sa ginang. Civil naman iyong tinanggap ng huli.

“Nice to meet you, Hija.”

“And this beauty here,” walang babala siyang inakbayan ni Dean. “...is my girlfriend, Avarie Milan.”

Dahil ayaw naman niyang mapahiya ang nobyo ay hindi na lang siya pumalag sa pagkakaakbay nito. Tinitigan ni Avarie ang kaharap na dalaga na pasimpleng pinasadahan siya ng tingin mula ulo hanggang paa. Hindi niya nagustuhan ang pagtaas ng isang sulok ng bibig nito. Dahil ba sa ayos niyang nakasuot ng floral blouse at maong pants na pinaresan ng rubber shoes saka wala siyang makeup?

Tinaasan niya ito ng isang kilay.

“I didn’t know na masyado palang bata ang girlfriend mo, Dean. But in fairness, she’s pretty. Magaling kang pumili.” Pakiramdam niya ay hilaw ang papuri ni Lila. “Nice to meet you, Avarie.”

Dahil hindi naman siya likas na bastos, tinanggap pa rin niya ang pakikipagkamay nito. “Nice to meet

you too,” matabang na sabi niya. Pigil niya ang sariling irapan nang bonggang-bongga ang babae.

“It’s nearly lunchtime. We were hoping you’d join us,” ani Patricia.

“Of course.” Umalis ang lalaki sa tabi niya at kinuha ang cellphone at susi ng kotse sa drawer ng mesa. “Gusto mong sumama?”

Naningkit ang mga mata ni Avarie nang alukin ng binata si Lila. Ngani-ngani na niyang batukan ito. Lalo siyang nairita nang di man lang tumanggi ang manhid na babae.

Kung di lang siya hawak ni Patricia sa kamay ay baka nag-walk out na siya. Nang mapasulyap siya sa katabi ay nagkibit-balikat lang ito saka ngumiti.

“Hindi tayo kakasya sa SUV,” ani Patricia sa anak.

“That’s okay. Sabay na kami sa kotse ni Ava. Pakisabay na lang si Lila,” sabi ni Dean.

“Ayoko! Kay Tita Patricia na lang ako sasabay,” aniya.

Hindi na niya hinintay na tumutol si Dean. Humawak na siya sa braso ng mommy nito at saka inaya ang babae palabas.

Kakamut-kamot ang ulong sumunod na ang binata pati si Lila.

Sa parking lot ay pumasok na kaagad sa SUV si Avarie. Nag-usap naman ang mag-ina kung saang restaurant kakain.

Nauna lang nang ilang minuto sina Dean at Lila nang pumasok sila ng ginang sa *Café Mediterranean*. Nakaupo na ito sa tabi ni Lila. Umupo siya sa harap ng babae habang si Patricia naman ay naupo sa tapat ng anak nito.

Habang kumakain ay hindi man lang niya tinitingnan ang binata. Ngunit alam niyang nakatingin ito sa kanya dahil ramdam niya ang mga mata nito.

Tahimik lamang si Avarie at kung magsalita ma'y sinasagot lang niya kung ano ang itinanong.

Nang matapos sila sa pananghalian ay dumerecho na sa opisina sina Dean at Lila. Sila namang dalawa ni Patricia ay tumungo sa apartment ng binata.

“I’ll take the room dito sa first floor. May dalawang room sa itaas. ’Yung left ang kay Dean.”

Tumango lang si Avarie. Dala pa rin niya ang bigat ng pakiramdam.

Masyado siyang excited kanina dahil magkikita

sila ng nobyo. Iyon naman pala ay mahuhuli lang niya itong may kasamang babae. Alam niyang nagiging childish na naman siya. Pero hindi niya mapipigil ang makaramdamn ng selos.

“Okay ka lang?” narinig niya tanong ni Patricia.

Pinilit niyang ngitian ang ginang. Alam niyang nakakahalata na ito.

“O-oo naman po.”

Natatawang inakbayan siya nito at kinabig.

“Hay naku! Huwag mong intindihin ang babaeng ’yun. Mas maganda ka kaysa sa kanya.”

Napahikbi siyang bigla at marahas na pinahid ang tumulong luha. Hindi na siya nagsalita dahil alam niyang bibigay ang boses niya.

“Hintayin mo na lang si Dean. Mag-usap kayo.”

Tumango na lang si Avarie. Pinaakyat na siya ng ginang para makapagpahinga siya. She willingly obeyed.

Maagang umuwi si Dean kinahapunan. Nadatnan siya nitong nagluluto. Katulad kaninang umaga ay hindi niya ito pinansin.

“Hi.”

Dedma lang ang dalaga. Ni hindi niya ito tiningnan. Nag-concentrate siya sa pagpuputol ng sitaw na ihahalo niya sa sinigang.

“Mamansin ka naman, ano ba?” Kinalabit siya nito na tagiliran. Tinitigan niya ito nang masama.

“P’wede ba, ’wag mo akong istorbohin? Baka masunog ang niluluto ko!” asik niya.

Kung bakit kasi biglang naisipan ng mommy nito na sumaglit sa grocery store dahil may gusto raw bilhin.

“Alam mo, kanina ka pa parang pusa na gustong mangalmot. Bakit ba?” untag ng lalaki.

Padabog siyang tumayo at isinahog na ang gulay sa pinalambot na baboy.

Pumulupot ang mga braso ni Dean sa baywang niya at naramdaman niya ang mumunting halik nito sa kanyang batok.

Pilit siyang kumawala sa pagkakayakap nito.

“Dean, ano ba! Bitiwan mo nga ako!”

Bumuntong-hininga ito at saka siya binitiwan.

“Look, I’m sorry. Hindi ko naman alam na isasama ka ni Mommy.”

Humarap siya rito. “At kung nalaman mo, ano? Paaalisin mo nang maaga ang babaeng iyon para hindi ko kayo makita?” singhal niya at muli itong tinalikuran. Timplado na ang sinigang. Luto na ang lahat ng sangkap kaya ini-off na niya ang stove.

Sunod naman niyang hinugasan ang mga ginamit na utensils.

“Wala namang rason para magselos ka kay Lila. Like what I’ve said, isa siyang dating kliyente.”

“Dati na pala. Ano’ng ginagawa niya sa opisina mo? At bakit kulang na lang, eh, humilata siya sa mesa mo?”

---

Napailing si Dean sa nakikitang galit sa mukha ng katipan. Sanay na siya sa pagiging selosa nito. And he was more amused than alarmed. Kabisado na niya kung paano itong aamuin.

“Baby...” Nilapitan niya ito. Hinuli niya ang dalawang kamay nito para hindi ito makapalag. “Kahit maghubad pa siya sa harapan ko, bale-wala sa akin. Isang babae lang ang nagmamay-ari sa puso ko. At alam mo kung sino ’yun.”

“Pwede bang ’wag mo na ako bolahin?” Pumiyok

ang nobya. At napansin niyang namumula na ang mga mata nito.

“Kailan kita binola, Avarie?”

“B-but I saw you flirting with her!” she protested.

“Nakita mo bang magkayakap kami?”

She shook her head. “N-no, but...”

“Nakita mong hinalikan ko siya?”

Umiling ito.

“Then anong klaseng flirting ba ang nakita mong ginawa namin, besides her sitting on my table?”

Nag-isip ito sandali. Lihim siyang napangiti. Alam naman niyang mapapagtanto nitong wala siyang ginagawang masama. At wala naman talaga.

Tumawag sa kanya si Lila para i-discuss ang balak nitong expansion ng business nito. Katatapos lang nilang mag-usap ng tungkol sa proyekto at nagkukuwentuhan na lang nang dumating sina Avarie at mommy niya.

Aminado siyang halata niyang may gusto sa kanya si Lila. But he politely kept his distance. Bukod sa hindi niya ugaling mag-take advantage sa isang babae, ayaw niyang magtaksil sa relasyon nila ni

Avarie.

She's everything to him. Walang maaaring pumalit sa lugar nito sa puso niya.

“Eh, bakit inimbita mo pa siya sa lunch natin?”

“Malay ko bang tatanggapin niya ang alok ko? Ginawa ko lang naman 'yun out of civility. Kaya nga ikaw ang gusto kong kasakay sa kotse. Kaso, pinasok na naman ng talangka iyang utak mo.”

Nanulis ang nguso nito. Napahalakhak si Dean.

He gently cupped her face and planted a tender kiss on her forehead. Pagkatapos ay hinalikan niya ang mga mata nitong kanina ay nangingilid sa luha. Then lastly, he kissed her lips. Awtomatikong bumuka ang bibig ng dalaga upang tanggapin ang halik niya.

Avarie's innocence and her willingness to pleasure him were enough to make him lose control. Ang mababaw at mapanuksong halik ay naging malalim.

Mahigpit na yumakap ang mga braso ng dalaga sa batok niya. She tiptoed and arched her body against him. She opened her mouth fully. The kiss was hot, torrid, with all the sensual tongue movements. It was everything a passionate kiss should be.

“Hmm... you're improving,” he remarked while

doing playful bites on her lips. Ngumiti si Avarie at ginaya ang ginagawa niya. He groaned deep in his throat.

“I have the best teacher,” she replied and kissed him deeply once more.

Nagkahugis ang ngiti sa mga labi ni Dean.

Avarie was pulling him deeper into the abyss. And no matter how much he loved to get lost in the moment with her, may pangako siyang binitiwang sa sarili. Na igagalang niya ang kasintahan. Hindi niya ito aangkinin hangga’t hindi nito taglay ang pangalan niya.

“Baby, we better stop,” aniya na bahagyang inilayo ang mukha nito. She groaned in protest. Hinahabol pa nito ang mga labi niya.

Mabuti na lamang at timing ang pagdating ng mommy niya.

“O, nagkaayos na kayong dalawa?”

Kaagad namula ang mukha ng dalaga. Napabunghalit ng tawa si Dean at napapantastikuhang niyakap ang nobya.

Nakakaunawa namang hindi na nagtanong ang ginang.

Avarie settled inside her room that night. Naka-pajama na siya at pahiga na sa kama nang may kumatok. Pagbukas niya ay naroon si Dean sa labas. Derecho itong pumasok sa silid.

“Bakit ka narito?” nagtatakang tanong niya. Nakasuot din ito ng t-shirt at pajama bottom.

“Tabi tayong matulog.”

Namilog ang kanyang mga mata. Tama ba ang dinig niya? Gusto nitong tabihan siya?

Ibig sabihin...

She had been longing to be his in every way. Pero ngayong narito na siya sa sitwasyon, parang nakadama siya ng takot.

Napasinghap siya nang hubarin ng binata ang t-shirt nito.

“O, ba’t nakatayo ka pa diyan? Tulog na tayo.”

Awtomatiko ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso.

“B-but you can’t sleep with me. D-di ba nangako ka na...”

Alam niyang nagiging weird na siya. Maraming beses na halos siya na ang mag-initiate ng lovemaking nila. Pero heto't tigas ang pagtutol niya ngayon.

Kumunot ang noo ng binata. Nang maunawaan kung bakit siya nagkakaganoon ay binirahan nito ng tawa.

“A-ano’ng nakakatawa?”

“Ikaw!” Tumayo ito at lumapit sa kanya. He held her trembling hands and kissed her fingers one by one. Nabitin ang kanyang paghinga. “I want to sleep beside you, Avarie. I want to feel you close to me. Gusto kitang ikulong sa mga bisig ko. Pero hanggang doon lang. Much as I want to make love to you tonight, wala akong balak sirain ang promise ko.”

She sighed in relief. Muling tumawa ang binata.

“Alam mo, ang weird mo,” nanunuksong puna nito nang magkatabi na sila sa kama. “Akala ko ba, gusto mong...?”

Pinalo niya ito sa braso.

“Oh, please... matulog ka na lang, Dean.”

He chuckled. He pulled her closer and she snuggled comfortably beside his taut body.

*A Special Memory - Doreen Laroya*

---

Avarie felt safe and protected as always. Sabay silang nahimbing, yakap ang isa't isa.